# BULAKLAK

*Hiyas ng Tahanan*

Taon X Miyerkoles, Mayo 27, 1953 Blg. 8







# Sa Lumang Kundiman

*Ewan ko ba...! Ang pasan kong mga taon at pahirap*
*ay bigat na gumagaan kung lingunin ang lumipas;*
*tuwing ikaw ay nanasok sa gunita at hinagap,*
*isang munting paraiso'y nasa aking mga palad;*
*ipikit man ang mata kong masilawin sa liwanag,*
*pintakasing kariktan mo ang sa muni'y nasusulat;*
*laging bagong tugtugin kang kalilimbag sa pangarap*
*na hindi ko pagsawaang awitin sa oras-oras;*
*ewan ko lang at kung bakit habang ikaw'y hinahanap,*
*malawak nang daigdigan ay lalo pang lumalawak.*

*Sa malamlam nang mata kong lumabo na sa pasakit,*
*napalagak ang ganda mong may gayumang umaakit;*
*mapupungay mong paningi'y bituin pang nakasabit*
*sa langit na iyong mukhang pinintuho ko ngang langit;*
*mga sulyap mo sa aki'y may hagkis ng pahiwatig*
*sa tinuhog na ligaya sa pasigan nang magtalik;*
*kung tayo ma'y mga labi ng nalantang pananalig,*
*palagay ko'y Tadhana lang ang sa ati'y di-pumanig;*
*(Ang daigdig palibhasa'y isang mundong panaginip*
*kaya bawa't pangyayari'y pangarap din ang kahawig.)*

*Sumisidhi ang adhikang ikaw'y aking kausapin,*
*tumututol naman yaring paggalang ko sa tungkulin;*
*ako't ikaw'y magkalayo, malapit man kung sa turing,*
*pagka't tayo'y nagkaiba ng tinahak na landasin;*
*hanggang ngayon, sa diwa ko'y pangunahing suliranin*
*na kung bakit ang langit ko'y langit na di naging akin*
*(nguni't iya'y bungang-tulog ng unsyami kong layunin,*
*at sa baliw na pithaya'y kinalarong panimdimin...!)*
*magkakasya na lang akong sangguniin ka sa hangin*
*at sa kiming guniguni'y ibantayog kang mithiin.*

*...At sakaling may dalawang daigdig ang ating buhay,*
*ang isa ay siya nating tugatog ng katuparan;*
*ganap diyang matititik ang wala nang kamatayan*
*na isa pang kabanata ng pagsintang nasugatan;*
*lagalag na dili-dili'y ihihilig ko na lamang*
*sa sinutlang kandungan mong lunggati ng gunamgunam;*
*nananabik nating puso kung hindi man nagkahinang,*
*ang kundiman ng lumipas, ang pang-aliw kong kundiman.*
*iyan lamang ang sa akin ay awit ng kasiyahang*
*unti-unting pumapawi sa taglay kong kalungkutan!*

R. H. Belen


TEOFILO E. SAUCO
*Patnugot*

EMILIO MAR. ANTONIO
*Katulong na Patnugot*

Mga Kagawad:
CONRADO S. ACUÑA
AMELIA M. ARCEGA
[illegible]MA MARIA CRISTINA
CORAZON Y. ROSARIO

FRANCISCO G. GUBALLA
*Tagapamahalang Patnugot*

BEATRIZ M. de GUBALLA
*Tagapangasiwa*

Tagapaglathala:
BULAKLAK PUBLICATIONS
935-939 R. Hidalgo, Quiapo
P. O. Box 1382, Maynila
Tel. 3-39-71

ALFREDO DE LARA
*Tagapamahala sa Anunsiyo*

JAVIER GUBALLA
*Direktor ng Anunsiyo*

TEODORO VIRREY
Kasanggunì

Sa Sirkulasyon:
RAMON P. IGNACIO

Halaga ng Suskrisyon:
Isang taong .......... ₱13.00 Anim na buwan ₱7.00
(Doble sa ibang bansa)

Nakatalang pangalawang uri sa Kawanihan ng Koreo sapul noong Abril 14, 1947.


